

ORTOGRAPIYA NA KINAMAYÚ

Ortograpiyang Kinamayú

ORTOGRAPIYA NA KINAMAYÚ

Karapatang-sipi © 2017 ng Kagawaran ng Edukasyon Dibisiyon ng Surigao del Sur, Dibisiyon ng Lungsod ng Bislig, Surigao del Sur State University – Lianga Campus, at ng Translators Association of the Philippines, Inc.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Disenyo ng aklat nina Sonia Mae P. Bandola, Ivy C. Masancay, María Teresa F. Olarte, Angel C. Samson, at Danielle Mae G. Riña

Ortograpiya na Kinamayú = Ortograpiyang Kinamayú / Kagawaran ng Edukasyon Dibisiyon ng Surigao del Sur... [et al.] -- Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, ©2017.

p. ; cm.

ISBN 978-621-8064-47-8

Kinamayú language.

Filipino language.

1. Kinamayu language – Orthography and spelling. I. Dibisiyon ng Lungsod ng Bislig. II. Surigao del Sur State University Lianga Campus. III. Translators Association of the Philippines, Inc. IV. Ortograpiyang Kinamayú.

Inilathala ng



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Gusali Watson, 1610 Kalye JP Laurel

1005 San Miguel, Maynila

Tel. 02-733- 7260 • 02-736- 2525

Email: komisjonsawikangfilipino@gmail.com

Website: www.kwf.gov.ph

MGA LASAK

Nilalaman

- 7** **MENSAHE**
Mensahe
- 8** **PAGSUGUD**
Pambungad
- 12** **GRAFEMA**
Grafema
- 22** **SILABA UG/HASTA Pagsilaba**
Pantig at Palapantigan
- 26** **ISPELING NA PATIYAB**
Pagbaybay na Pabigkas
- 30** **ISPELING NA PASUWAT**
Pagbaybay na Pasulat
- 34** **MĀ NA PATANUG**
Kambal-Patinig
- 44** **MĀ NA KATANUG UG/HASTA MGA DIGRAPO**
Kambal-Katinig at Digrapo

46

PAGBINAYLUHAY NG Ee/Ii UG/HASTA

Oo/Uu

Palítang Ee/Ii At Oo/Uu

50

KIN-U/KINU/KINUNU GAMITUN

ANG “NANG” UG/HASTA “NG”

Kailan Gagamitin ang “Nang” at
Kailan “Ng”

52

PAGBAYLU-BAYLU SANG “Dd” UG/HASTA

“Rr,” UG/HASTA UBAN/UPUD PA NA

BINAYLUAY

Pagpapalit ng “Dd” at “Rr, at Iba
pang Palitan

56

MGA TULDIK

Mga Tuldik

60

UPUD NA GAMIT NG HAYUPÙ NA LINYA (-)

Iba pang Gamit ng Gitling

64

MGA NGARAN/NGĀN

Mga Pangalan

74

ANG PAGHINANG NG ORTOGRAPIYA NA

KINAMAYÚ

Ang Pagbuo ng Ortograpiyang
Kinamayú

MENSAHE

Mensahe



**Republic of the Philippines
Province of Surigao del Sur
OFFICE OF THE VICE GOVERNOR**



15 Disembre 2017

Kanak pasalamat sa yaghimù pagsugud sini na trabahuun na ampan/waray kaluya nga pagpaningkamut para matibug ngining/sining “Ortograpiya na Kinamayú”. Ngining kamayu ubus nga suluguun kinasingkasing magpasalamat sa kamayu gipakitang interes na matibug ngining/sining ortograpiya. Kanak kinasingkasing na pasalamat sa tanan.

Kaupud sini na paghimu, ang daigay/hamuki na mga trabaho sa pamaagi na yahimumg hagít para sa katumanan sining damgu ug/ hasta tinguha nga yakahinang sining kinaugalingung ortograpiya. Ngining/sining “Ortograpiya na Kinamayú” ay yagpamatuud na makita sa intero kalibutan nan iyan kanatù kaugalingun kultura ug/ hasta tradisyon na mga “ Kadí ” ug/ hasta isa pa ngin/sini ang kongkreto na basihan isip isa ka kumunidad nga iyan pagtagad/ respeto sa kaugalingung tiniyaban ug/ hasta pagtagad sa yahimu ng mga hinuud ug/ hasta isab mga importanteng konsepto na angayan gayod kasayudan sa sunud na henerasyon.

Tinuud na dili/diri malalis ngini/sini na trabaho, amo iyan na importante sa gayud/garu na iendorso para magpamatuud na klaro ug/ hasta tunhay gayud ngini na yaggikan sa tiniyabang Kinamayú.

Utruhun ku pagtiyab, SALAMATAY GAYUD KAMAYU TANAN.

Kamayu maalagadun,

(Prm.)

MANUEL O. ALAMEDA, SR.

Bise-Gobernador



**Republic of the Philippines
Province of Surigao del Sur
OFFICE OF THE VICE GOVERNOR**



15 Disyembre 2017

Ang aking lubos na passalamat sa lahat ng gumawa ng unang hakbang at nagbuhos ng walang humpay sa pagsusumikap upang mabuo itong “Ortograpiyang Kinamayú.” Itong inyong abang-lingkod ay marubdob na nagpapasalamat sa inyong pagpupunyagi sa nabuong ortograpiya. Aking taos-pusong pasasalamat sa lahat.

Kaakibat sa gawaing ito, ang kalakhan ng trabaho sa pagproseso na nagsisilbing hámon upang maisakatuparan ang napagkaisahang determinasyon ang pagkaroon ng sariling-angking ortograpiya. Itong Ortograpiyang Kinamayú ay nagpapahiwatig ng pagkakilanlan ng ating kalinangan at kultura bilang mga “Kadĩ” manapa’y isa itong kongkretong batayan bilang isang pamayanan na may pagpapahalaga sa katutubong lengguwahe at sinaunang gawa ng mga ninuno, saka makabuluhang konsepto na dapat malaman na siyang itataguyod ng ating salinlahi.

Tunay na kapansin-pansin ang gawaing ito kaya’t mahalagang iendoso sa kinauukulan, bilang pagpapatunay na maliwanag at totoong salin sa lengguwaheng Kinamayú.

Sa uulitin SALAMAT at BINABATI ko kayo.

Sumasaínyo,

(Lgd.)

MANUEL O. ALAMEDA, SR.

Bise Gobernador

PAGSUGUD

Kinamayú ang isasa/sang mga yag-una na tiyab ng pituka munisipyo ng Surigao del Sur ug/hasta sang Lungsod ng Bislig. Amu ini ang pituka munisipyo: Marihatag, San Agustin, Lianga, Barobo, Tagbina, Hinatuan, hasta Lingig.

Sa pagkaduun diri da hurut puro Kinamayú ang tiyab na igamit ng bag-ung tubù na mga isù. Ikasagulan da ini ng lain na tiyab. Resulta ini ng pakiglambigit hasta pagminyù ng mga utaw sang lain na grupo. Makalaung kita na kalagmitan mawara da sa/sang hingpit ang tiniyaban na Kinamayú, agaw sa, sa/sang diri pa mawara ini na tiyab kinahanglan sulbadun na magapabilin na buhì hangtud sang mga kaumpuan.

Sa K to 12 Curriculum Program yakasukad ang pagtuun ng kinaugalingun na tiyab pinaagi ng Mother Tongue Based-Multilingual (MTB-MLE) na gayabase sang Republic Act 10533 Section 5(f). Ngansini magapabilin hasta palambuun ang mga tiyab na Kinamayú, isa na panlabaw na tiyab na waray makaparehas, ilauman na ampingan, gamitun hasta palambuun, ng gasunud na kaliwatan ang Kinamayú, hantan diri gayud mawarà.

Ini na ortograpiya importantihay sa/sang sunud na kaliwatan. Mahimo isab na giya para madali itudlù, kasabtan, hasta pakanatun ini na tiyab. Makatabang isab ini sang mga manuwatay, tighubad, hasta mga yagapasiugda ng pagpalambù ng Kinamayú.

Ang paghimù sang Ortograpiya na Kinamayú yaagi sang lain-lain na proseso pareho ng tinud-anay na pagtuun ng sistema na tanug ng tiniyaban, pag-analisar sini na gramatika, pagkonsulta sang katilingban, pagsuta para makamang ang insakto na kalidad ng Kinamayú na tiniyaban.

PAMBUNGAD

Kinamayú ang isa sa mga pangunahing wika ng pitóng munisipyo ng Surigao del Sur at lungsod ng Bislig. Ang pitóng munisipyo ay ang sumusunod: Marihatag, San Agustin, Lianga, Barobo, Tagbina, Hinatuan, at Lingig.

Sa kasalukuyan, hindi na purong Kinamayú ang wika na ginagamit ng bagong sibol na kabataan. Nahaluan na ito ng ibang wika. Resulta ito ng pakikipagsalamuha at pagpapakasal sa mga tao mula sa ibang grupo. Masasabi nating nanganganib na mapaparam ng tuluyan ang Kinamayú, kayâ, hábang nása bingit pa o walâ pa sa kaganapang mawala ang wikang ito, kailangang resolbahing mananatiling buháy hanggang sa mga inapo.

Sa K to 12 Curriculum Program nakaangkla ang pagtutuo sa katutubong wika sa pamamagitan ng asignaturang Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) na batay sa Republic Act 10533 Section 5(f). Dito, pananatilihin at pasisiglahin ang mga terminolohiyang Kinamayú, isang bukod-tanging lengguwaheng walang katulad. Inaasahang mapapangalagaan, gagamitin, at pauunlarin ng sumusunod na mga henerasyon ang Kinamayú para hindi tuluyang mawala.

Ang ortograpiyang ito ay napakahalaga sa pagtuturo ng Kinamayú sa susunod na henerasyon. Ito ay magsisilbing gabay para madaling ituro, maintindihan, at palawakin ang nasabing wika. Makatutulong din ito sa mga manunulat, tagasalin, at mga kompositor sa kanilang pagpapaunlad sa panitikang Kinamayú.

Ang paggawa ng ortograpiyang Kinamayú ay dumaan sa iba't ibang proseso, gaya ng masusing pag-aaral ng sistema ng tunog ng lengguwahe, pag-aanalisa ng gramatika nitó, konsultasyon sa kumunidad, pagbabalida, at rebalida sakâ seryeng pagwawasto para makuha at maisama ang lahat ng makabuluhang katangian ng wikang Kinamayú.

Madaigay ang gatabang pagsuwat ng haudanan sa/sang ispelang na sini. Kaupud ang mga Curriculum Implementation Division ng Surigao del Sur ug/hasta Lungsud ng Bislig, mga pinili na maestra na Kamayú, duwa na mangkatigamay na tighubad ng balaan na libro sa/sang Kinamayú, mga propesor ng Surigao del Sur State University-Lianga Campus, maestra ng Barobo National High School, hasta ang mga representante ng Translators Association of the Philippines, Inc.

Ini na libro warà mahitso. Arun/awun pay mga important na kalidad ng tiniyaban na Kinamayú na warà makaapil. Ayaw pagdudusu paghatag ng kanmu mga ideya para sang kadaywan ng kanatù ortograpiya.

CELSA A. CASA, PhD

CID-CHIEF

Surigao del Sur Division

Department of Education

ARDALITA C. CAOMATE, EdD

EPS-1/IPeD Focal Person

MTB-MLE Coordinator

Bislig City Division

Department of Education

EVANGELINE CHRISTINE B. LOZALDO

MTB-MLE Coordinator

Surigao del Sur Division

Department of Education

Marami ang nagtulong-tulong sa pagsulat ng palabaybaying ito. Kasáma rito ang mga Curriculum Implementation Division ng Surigao del Sur at Lungsod Bislig, mga piling gurong Kinamayú, dalawang respetadong tagapagsalin ng banal na aklat sa Kinamayú, mga propesor ng Surigao del Sur State University-Lianga Campus, isang guro sa Barobo National High School, at sakâ mga kinatawan ng Translators Association of the Philippines, Inc.

Ang materyal na ito ay wala pa sa kaganapan at hindi pa perpekto. Mangyaring mayroon pang mahalagang katangian ng wikang Kinamayú na hindi naisama. Huwag mag-atubiling magbigay ng mungkahi at suhestiyon dahil ito'y makatutulong sa ikabubuti at ikayayaman ng ortograpiyang ito.

CELSA A. CASA, PhD

CID-CHIEF

Surigao del Sur Division

Department of Education

ARDALITA C. CAOMATE, EdD

EPS-1/IPEd Focal Person

MTB-MLE Coordinator

Bislig City Division

Department of Education

EVANGELINE CHRISTINE B. LOZALDO

MTB-MLE Coordinator

Surigao del Sur Division

Department of Education

1 | GRAFEMA

Arun/para mabasa, kasabtan, ug/hasta mahitiyab/masulti nang insakto ang Kinamayú, ingsuwat ang sini/ini na yakab-ut na sistema sa/sang pagsuwat. **Grafema** ang ngaran/ngān ng mga dapug ng mga simbulo na igamit sa/sang pagsuwat ng isa ka tiniyaban/sinultihan. Ang grafema na Kinamayú ilangkuban ng mga letra ug/hasta diri-letra.

1.1. Letra. Ang mga letra amu ang kilhanan ng tanug haw gatiyab/gasulti. Ilangkuban ini ng mga patanug ug/hasta mga katanug. Ang plastadu na pagkasunud-sunud ng mga letra pagahinganlan ini na alpabeto. Ang Kinamayú na alpabeto 28 hurut ang letra. Arun/awun 23 na katanug: Bb, Cc, Dd, Ff, Gg, Hh, Jj, Kk, Ll, Mm, Nn, Ññ, NNgng, Pp, Qq, Rr, Ss, Tt, Vv, Ww, Xx, Yy, Zz ug/hasta lima ang patanug: Aa, Ee, Ii, Oo, Uu. Ag tiyabun/sultihun ug/hasta basahun ang mga ngaran/ngān sang/ng letra sa/sang tanug-Ingles gawas ng Ññ na basahun na Español.

Aa <i>ey</i>	Bb <i>bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>di</i>	Ee <i>i</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>dyi</i>
Hh <i>eyts</i>	Ii <i>ay</i>	Jj <i>dyey</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>el</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ññ <i>enye</i>	NNgng <i>endyi</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

Sa 28 na titik, sampu ang hiram. Ang nagsisimbulo ng katutubong tunog ay 18, na ibinase sa/sang pagsusuri sa/sang sistema ng mga tunog sa/sang salitang Kinamayú. Ang resulta ng pagsusuring ito ay mababasa sa/sang pahina 12 hanggang 17.

1 | GRAFEMA

Upang mabása, maiintindihan at mabigkas nang wasto ang Kinamayú, isinulat itong nakamtang ortograpiya o sistema ng pagsulat. **Grafema** ang pangalan ng mga pangkat ng simbolo na gagamitin sa pagsusulat ng salita. Ang grafema ng Kinamayú ay binubuo ng mga titik at di-titik.

1.1. Titik. Ang mga titik ang simbolo ng tunog sa pagsasalita. Binubuo ito ng mga patinig at katinig. Ang pagkakasunod-sunod ng mga titik ay tinatawag na alpabeto. Ang Alpabetong Kinamayún ay may (28) na titik. Dalawampu't tatlo ang katinig: Bb, Cc, Dd, Ff, Gg, Hh, Jj, Kk, Ll, Mm, Nn, Ññ, NGng, Pp, Qq, Rr, Ss, Tt, Vv, Ww, Xx, Yy, Zz at lima ang patinig: Aa, Ee, Ii, Oo, at Uu. Binibigkas at binabása ang mga pangalan ng bawat titik sa tunog-Ingles maliban sa Ññ na babasahin katulad sa Español.

Aa <i>ey</i>	Bb <i>bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>di</i>	Ee <i>i</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>dya</i>
Hh <i>eyts</i>	Ii <i>ay</i>	Jj <i>dyey</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>el</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ññ <i>enye</i>	NGng <i>endya</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

Sa 28 na titik, sampu ang hiram. Ang nagsisimbolo ng katutubong tunog ay 18, na ibinase sa pagsusuri sa sistema ng mga tunog sa salitang Kinamayú. Ang resulta ng pagsusuring ito ay mababása sa páhiná 12 hanggang 17.

1.2. Dirì-Letra. Ilangkuban ang mga dirì-letra ng mga tuldik ug/ hasta bantas. Amu ini ang mga tuldik:

Tuldik	Kinamayú	Filipino	Gamit
˘	pahirig-kawā	‘pahilis’	Marka ng puntu ng pagtiyab/ pagsulti u stress
˙	pahirig-tuu	‘paiwà’	Marka ng ikalibtuban/ikaligtuban na langaglangag u glottal stop sa/ sang iwit ng tiyab/sulti
ˆ	simà	‘pakupyâ’	Marka ng ikalibtuban/ikaligtuban na langaglangag sa/ sang iwit ng pinuntuhan na silaba
—	lina sa/sang babaw ng patanug	‘pahabâ’ o macron	Marka ng taas u pinahutad na pagtiyab/pagsulti ng patanug na u ug/hasta a

Ang patuldok (˘) isa ka tuldik na isuwat sa/sang ibabaw ng letra na Ee para sa/sang tanug sa/sang *schwa* o patanug pèpèt na madunggan sa/sang uban na sinultihan/tiniyaban sa/sang Filipinas sama sa/sang Ilokano, Mèran-aw, ug/ hasta Tinagbanwa. Gamiton ang patuldok kun magsuwat sang mga tiyab/sulti na aruy patanug pèpèt.

Sa pagsuwat ng Kinamayú na sinultihan/tiniyaban yaggamit isab ng mga bantas para sa/sang madayaw na pagtiyab/pagsulti sa/ sang mga tiyab/sulti, dapug tiyab/sulti, ug/ hasta mga kompleto na tiniyab/sinultihan. Ang paggamit sini nga/na mga bantas mau/ amu ra sa/sang Filipino.

- tuldok
- ? pagpangutana
- ! ikug-an na/ng ibati
- : duwa ka tuldok
- ; tuldok na kuwit
- ˘ kudlit sa/sang taas
- ˙ kudlit sa/sang kilid
- ˆ “ “ dubli kudlit sa/sang taas
- hayupù na linya

1.2. Di-Titik. Binubuo ang mga di-titik ng mga tuldik at bantas. Narito ang mga tuldik:

Tuldik	Kinamayú	Filipino	Gámit
ˊ	pahirig-kawā	‘pahilis’	Tanda ng diin ng pagsasalita o stress
ˋ	pahirig-tuu	‘paiwà’	Tanda ng impit sa lalamunan o glottal stop sa hulihan ng salita
ˆ	simà	‘pakupyâ’	Tanda ng impit sa lalamunan sa hulihan ng pantig na may diin
—	lina sa/sang babaw ng patanug	‘pahabâ’ o ‘macron’	Tanda ng pahaba na pagkasabi ng patinig na u at a

Ang patuldok (¨) ay tuldik na inilalagay sa itaas ng titik na Ee upang katawanin ang *schwa* o patinig pëpët na maririnig sa ibang wika sa Filipinas tulad ng Ilokano, Mëranaw, at Tinagbanwa. Gamitin ang patuldok kung sakali mang magsusulat ng mga salitang may patinig pëpët.

Sa pagsulat ng wikang Kinamayú, gumagamit din ng mga bantas para sa maayos na pagbigkas ng mga salita, parirala, at mga pangungusap. Ang paggamit ng mga sumusunod na bantas ay katulad lámang sa Filipino.

- tuldok
- ? tandang pananong
- ! tandang padamdám
- : tutuldok
- ; tuldok-kuwit
- ‘ kudlít
- , kuwit
- “ ” panipi
- gitling

Mga lumad na tanug:

Tsart sa/sang Ponema na Katanug

Paagi ng Artikulasyon	Lugar ng artikulasyon					
	Abilun (Bilabial)	Pauntu (Dental)	Ngiluun (Alveolar)	Ngalahun (Palatal)	Langagun (Velar)	Langag-langagun (Glottal)
Pakium (Plosive)	p	b	t	d	k	g
Pairong (Nasal)		m		n		ŋ
Pakurug (Trill)				r		
Pahagas-tanug (Fricative)			s			h
Anggid-patanug (Approximant)		w			j	
Patakilid (Lateral Approximant)				l		

Tsart sa/sang Ponema na Patanug

Posisyon ng Dilà	Atubangan (Front)	Tunga-tunga (Central)	Likud (Back)
Taas (High)	i		u
Sād (Low)		a	

Mga katutubong tunog:

Tsart ng Ponemang Katinig

Paraan ng Artikulasyon	Lugar ng artikulasyon					
	Palabi (Bilabial)	Pangipin (Dental)	Pangilu (Alveolar)	Pangalangala (Palatal)	Pangalangala-likod (Velar)	Palalamunan (Glottal)
Pasara (Plosive)	p b	t	d		k g	ʔ
Pailong (Nasal)	m		n		ŋ	
Pangatal (Trill)			r			
Prikatib (Fricative)			s			h
Malapatinig (Approximant)	w			j		
Pagilid na malapatinig (Lateral Approximant)			l			

Tsart ng Ponemang Patinig

Posisyon ng Dilà	Harap (Front)	Sentral (Central)	Likod (Back)
Taas (High)	i		u
Babâ (Low)		a	

Amu ini ang mga minus-pares na yagpamatuud sa/sang mga ponema:

Ponema	Tunog	Grafema	Tunog	Grafema
/p/, /b/	[pu.'kuʔ]	pukû 'pag-upo na naka- tiklop ang tuhod'	[bu.'kuʔ]	bukû 'hindi'
/t/, /d/	[tu.'rug]	turúg 'tulóg'	[du.'rug]	durúg 'tabi sa paghiga'
/k/, /g/	['ka.but]	kabut 'bungkal'	[ga.'but]	gabut 'hatak'
/h/, /ʔ/	[bu.'huk]	buhúk 'buhok'	[bu.'ʔuk]	buúk 'piraso'
/ʔ/, wala	['li.suʔ]	lisû 'ikot'	['li.su]	lisu 'butó'
	['tak.siʔ]	taksi 'uri ng laro'	['tak.si]	taksi 'mabilis'
/ʔ/, taas na patanug	[ʔu.'tuʔ]	utû 'ginataang gabi'	[ʔu.tu:]	utû 'tae'
/m/, /n/	[lu.'maj]	lumáy 'gayuma'	[lu.'naj]	lunáy 'lantâ, mahinà'
/n/, /ŋ/	['ba.naw]	banaw 'tapon'	['ba.ŋaw]	bangaw 'bahagharí
/r/, /l/	[ma.'ru.ja]	maruya 'maruya'	[ma.'lu.ja]	maluya 'mahinà'
/s/, /h/	['sa.baʔ]	sabà 'Tumahimik kayo!'	[ha.'baʔ]	habà 'habà'
/w/, /j/	['ban.taw]	bantaw 'sahig'	['ban.taj]	bantay 'tagabantay'
/a/, /i/	['ʔas.lum]	aslum 'asim'	['ʔis.lum]	islum 'tanghalian'
/a/, /u/	[la.'taʔ]	latâ 'sobrang hinog'	[la.'tuʔ]	latû 'latô'

Ito ang mga pares minimal na nagpapatunay sa mga ponema:

Ponema	Tunog	Grafema	Tunog	Grafema
/p/, /b/	[pu.'kuʔ]	pukû 'pag-upo na naka- tiklop ang tuhod'	[bu.'kuʔ]	bukû 'hindi'
/t/, /d/	[tu.'rug]	turúg 'tulóg'	[du.'rug]	durúg 'tabi sa paghiga'
/k/, /g/	['ka.but]	kabut 'bungkal'	[ga.'but]	gabut 'hatak'
/h/, /ʔ/	[bu.'huk]	buhúk 'buhok'	[bu.'ʔuk]	buúk 'piraso'
/ʔ/, wala	['li.suʔ]	lisû 'ikot'	['li.su]	lisu 'butó'
	['tak.siʔ]	taksi 'uri ng laro'	['tak.si]	taksi 'mabilis'
/ʔ/, mahabang patanig	[ʔu.'tuʔ]	utû 'ginataang gabi'	[ʔu.tu:]	utû 'tae'
/m/, /n/	[lu.'maj]	lumáy 'gayuma'	[lu.'naj]	lunáy 'lantâ, mahinà'
/n/, /ŋ/	['ba.naw]	banaw 'tapon'	['ba.ŋaw]	bangaw 'bahaghari'
/r/, /l/	[ma.'ru.ja]	maruya 'maruya'	[ma.'lu.ja]	maluya 'mahinà'
/s/, /h/	['sa.baʔ]	sabà 'Tumahimik kayo!'	[ha.'baʔ]	habà 'habà'
/w/, /j/	['ban.taw]	bantaw 'sahig'	['ban.taj]	bantay 'tagabantay'
/a/, /i/	['ʔas.lum]	aslum 'asim'	['ʔis.lum]	islum 'tanghalian'
/a/, /u/	[la.'taʔ]	latâ 'sobrang hinog'	[la.'tuʔ]	latû 'latô'

Amu ini ang mga minus-pares na yagpamatuud sa/sang taas na patanug (vowel length) ug/hasta puntu (stress).

	TUNUG	GRAFEMA	BUUT PASABUT
Taas ug diri taas na patanug	[ʔa. 'bu:]	abū	'usok'
	[ʔa. 'bu]	abú	'abó'
Puntu	['ku.waŋ]	kuwang	'kulang'
	[ku. 'waŋ]	kuwáng	'higâ'
	[ma. 'gu.raŋ]	magúrang	'magulang' o 'malapit nang mahinog na prutas'
	[ma.gu. 'raŋ]	maguráng	'nakakatandang kapatid'
	['tu.rug]	turug	'matulog'
	[tu. 'rug]	turúg	'tulóg'

Yakasuwat sa/sang ubus ang mga letra na yagsimbulo ng mga ponema.

Ponema	Letra	Ponema	Letra
/p/	Pp	/r/	Rr
/b/	Bb	/s/	Ss
/t/	Tt	/h/	Hh
/d/	Dd	/w/	Ww
/k/	Kk	/j/	Yy
/g/	Gg	/l/	Ll
/m/	Mm		
/n/	Nn		
/ŋ/	NGng		

Nakasuwat sa/sang pahina 16 ang mga tuldik na gamiton sa/sang pag-ispeling ng ponema na ikalibtuban/ikaligtuban (glottal stop), sa/sang pagbutang ng diin, ug/hasta sa/sang pagsuwat ng taas na patanug na **a** ug/hasta **u**.

Ito ang mga pares minimal na nagpapatunay ng mahabang patinig (vowel length) at diin (stress).

	TUNOG	GRAFEMA	KAHULUGAN
Mahabang patinig at di-mahabang patinig	[ʔa.'bu:]	abū	‘usok’
	[ʔa.'bu]	abú	‘abó’
Diin	['ku.waŋ]	kuwang	‘kulang’
	[ku.'waŋ]	kuwáng	‘higá’
	[ma.'gu.raŋ]	magúrang	‘magulang’ o ‘malapit nang mahinog na prutas’
	[ma.gu.'raŋ]	maguráng	‘nakakatandang kapatid’
	['tu.rug]	turug	‘matulog’
	[tu.'rug]	turúg	‘tulóg’

Nakatala sa ibaba ang mga titik na katumbas ng mga ponema.

Ponema	Titik	Ponema	Titik
/p/	Pp	/r/	Rr
/b/	Bb	/s/	Ss
/t/	Tt	/h/	Hh
/d/	Dd	/w/	Ww
/k/	Kk	/j/	Yy
/g/	Gg	/l/	Ll
/m/	Mm		
/n/	Nn		
/ŋ/	NGng		

Nakasaad sa pahina 17 ang mga tuldik na gagamitin sa pagbabaybay ng ponemang impit (glottal stop), sa pagmamarka ng diin, at sa pagsusulat ng mahabang patinig na **a** at **u**.

2 | SILABA UG/HASTA PAGSILABA

Ang **silaba** isa ka yunit ng tanug na yahinang ng isa ka patanug u mā na patanug haw isa u daig/hamuk pa na katanug. Kada patanug (a, i, u) isa ka silaba; pero kinahanglan ng kada katanug ang isa ka patanug para mahinang na silaba. Dugang sini, arun pay isa lamang ka patanug sa/sang kada silaba puwede isab sobra pa sa/sang duwa ang katanug sa/sang isa ka silaba.

2.1 Pagkahinang ng Silaba. Ang silaba ng sinuwat na Kinamayú, arun/awun isa ka patanug, u isa ka katanug ug/hasta patanug, u duwa u daig/hamuk pa na katanug ug/hasta isa ka patanug. Ang letra na **K** timaan ng **katanug** ug/hasta ang letra na **P** timaan ng **patanug**.

Porma	Pananglitan
P	a•mú
KP	ka•ra•hà
PK	am•baw
KPK	buk• tun
KKP	pru•tas
KKPK	im•pren•ta, plang•ga•na*
KPKK	ward
KKPKK	tsart
KKPKKK	shorts

* Digrapo ang **ng**. Buut pasabut sa/sang digrapo isa ka letra pero duwa ang suwat. Yagsimbulo sa/sang ponema na /ŋ/ ang digrapo na **NGng**.

Tan-awa/tanawa ang mga yahinang na silaba. Ini na pamaagi yakabase sa/sang pagsuwat duun ug/hasta diri lamang sa/sang tanug ng isa ka silaba. Tungud sini, diri laung mapakita ang kalibtuban u glottal stop sa/sang sinugdanan ng tiyab/sulti ug/hasta sa/sang tunga ng duwa ka patanug. Tanawa isab ang mga silaba na arun/awun duwa na sunud-sunud na katanug. Kasagaran binuslan ini sa/sang Español u sa/sang Iningles.

2 | PANTIG AT PALAPANTIGAN

Ang **pantig** o **silaba** ay isang yunit ng tunog na binubuo ng isang patinig o kambal-patinig at isa o mahigit pang katinig. Bawat patinig (a, i, u) ay isang pantig; samantala, kailangan ng bawat katinig ang isang patinig upang maging pantig. Dagdag pa, may isa lámang patinig sa bawat pantig samantalang maaaring mahigit sa dalawa ang katinig sa isang pantig.

2.1 Kayarian ng Pantig. Ang pantig sa sinulat na Kinamayú ay maaaring isang patinig, o isang katinig at patinig, o dalawa o higit pang katinig at isang patinig. Ang titik **K** ay kumakatawan sa **katinig** at ang titik **P** ay kumakatawan sa **patinig**.

Porma	Halimbawa
P	a•mû
KP	ka•ra•hà
PK	am•baw
KPK	buk• tun
KKP	pru•tas
KKPK	im•pren•ta, plang•ga•na*
KPKK	ward
KKPKK	tsart
KKPKKK	shorts

*Digrapo ang **ng**. Ibig sabihin ng digrapo, isang titik pero dalawa ang sulat. Nagsisimbolo sa ponemang /ŋ/ ang digrapong **NGng**.

Pansinin na ang mga itinanghal na kayarian ng pantig ay nakabatay sa paraan ng pagsulat sa kasalukuyan at hindi sa posibleng tunog sa isang pantig. Sa gayon, hindi nitó nailalarawan ang pagkakaroon ng impit o glottal stop sa simula ng salita at sa gitna ng dalawang patinig. Pansinin din na ang mga pantig na may dalawang magkasunod na katinig ay malimit pantig ng hiram na salita mula sa Español o Ingles.

2.2 Silaba ug/hasta Pagsilaba. Ang **pagbahin** ng mga silaba sa/sang isa ka tiyab/sulti yakabase sa/sang grafema u sa/sang pagkasuwat sini. Pananglitan: /**u•tan**/ (utan), /**da•wum**/ (dawum). Amu ini ang upud na haudanan/sundanang:

Una, kung arun/awun duwa na magsunud na katanug sa/sang tunga ng tiyab/sulti, ang una na katanug amu ang igihud sa/sang una na silaba, samtang, ang ika-duwa na katanug amu ang apil sa/sang sunud na silaba. Pananglitan: /**am•baw**/ (ambaw), /**bas•lay**/ (baslay), /**mar•gu•su**/ (margusu), /**un•tu**/ (untu)

Ika-duwa, haw ang una sa/sang tulu na gasunud na katanug M u N ug/hasta ang gasunud bisan hain sa/sang BL, BR, DR, PL, ug/hasta TR, ang una na katanug M man u N igihud sa/sang una na silaba ug/hasta ang sunud na duwa ka katanug ang ikadtu sa/sang sunud na silaba. Pananglitan: /**kum•pli**/ (kumpli), /**ka•lam•bri**/ (kalambri), /**ka•lan•dra•kas**/ (kalandrakas).

Sa pagtudlu ng pagsilaba ng tiyab/sulti sa/sang Kindergarten ug/hasta Grade 1, ag dapungun/magdapù kay tibuun/para kasayudan kung pila ka silaba sa/sang isa ka tiyab/sulti

2.3 Taas na Silaba

Ang silaba na arun/awun taas u pinahutad na patanug **ā** ukun **ū** isipun/huna-hunaun na taas na silaba. Kung kasagaran na silaba arun isa ka pagdapù, ang taas na silaba arun isa ka pagdapu ug/hasta ibawug ang kamut/alima paatubang.

Pananglitan ng mga tiyab/sulti na arun taas na silaba: /**bāy**/ (bāy), /**sūd**/ (sūd), /**ki•sūm**/ (kisūm), /**i•tu•bū**/ (itubū).

2.2 Pantig at Pagpapantig. Ang **pagpapantig** ng isang salita ay nakabase sa grafema o pagkasulat nitó. Halimbawa: /**u•tan**/ (utan), /**da•wum**/ (dawum). Narito ang ilang tuntunin:

Una: Kung may dalawang magkasunod na katinig sa gitna ng salita, ang unang katinig ay isinasama sa unang pantig, samantalang ang pangalawang katinig ay nagiging bahagi ng susunod na pan- tig. Halimbawa: /**am•baw**/ (ambaw), / **bas•lay**/ (baslay), /**mar•gu•su**/ (margusu), /**un•tu**/ (untu).

Ikalawa, kapag ang una sa tatlong magkakasunod na katinig ay M o N at ang kasunod ay alin man sa BL, BR, DR, PL, at TR, ang unang katinig (M/N) ay isinasama sa unang pantig at ang sumunod na dalawang katinig ay napupunta sa kasunod na pantig. Halimbawa: /**kum•pli**/ (kumpli), /**ka•lam•bri**/ (kalambri), /**ka•lan•dra•kas**/ (kalandrakas).

Sa pagtuturo ng pagpapantig ng salita sa Kindergarten at Grade 1, ginagamit ang pagpapalakpak upang malaman kung ilang pantig ang isang salita.

2.3 Mahabang Pantig

Ang pantig na may mahaba na patinig **ā** o **ū** ay ituring na mahabang pantig. Kung ang karaniwang pantig ay may isang palakpak, ang mahabang pantig naman ay may isang palakpak na sinamahan ng pinakorbang pag-abot ng kamay sa harap.

Halimbawa ng mga salita na may mahabang pantig: /**bāy**/ (bāy) ‘bahay’, /**sūd**/ (sūd) ‘pasok o loob’, / **ki•sūm**/ (kisūm) ‘bukas’, at /**i•tu•bū**/ (itubū) ‘hirap tumae.’

3 | ISPELING NA PATIYAB/PASULTI

Isa-isahun pagtiyab/pagsulti ng madayaw ang pagkasunud-sunud ng mga letra na arun sa/sang isa ka tiyab/sulti, silaba, akronim, abribisyon u pinahayupù na tiyab/sulti, inisyals, timaan na pang-science, ug/hasta upud pa.

3.1. Silaba

Pagsuwat	Ispeling na Patiyab
na	/en-ey/
yag	/way-ey-dyi/
sūd	/es-long yu-di/
pru	/pi-ar-yu/

3.2. Tiyab/Sulti

Pagsuwat	Ispeling na Patiyab
madayaw	/em-ey-di-ey-way-ey-dobolyu/
ingkud	/ay-endyi-key-yu-di/
sabanas	/es-ey-bi-ey-en-ey-es/
bubay	/bi-yu-bi-ey-way/

3.3. Akronim

Pagsuwat	Ispeling na Patiyab
ALS (Alternative Learning System)	/kapital ey-kapital el-kapital es/
SPG (Supreme Pupils Government)	/kapital es-kapital pi-kapital dyi/
PTA (Parents-Teachers-Association)	/kapital pi-kapital ti-kapital ey/
CPP (Child Protection Policy)	/kapital si-kapital pi-kapital pi/
LGU (Local Government Unit)	/kapital el-kapital dyi-kapital yu/
SGC (School Governing Council)	/kapital es-kapital dyi-kapital si/

3 | PAGBAYBAY NA PABIGKAS

Isa-isang binibigkas sa maayos na pagkakasunod-sunod ang mga letrang bumubuo sa isang salita, pantig, akronim, daglat, inisyals, simbolong pang-agham, at iba pa.

3.1. Pantig

Pagsulat	Pagbigkas
na	/en-ey/
yag	/way-ey-dyi/
sūd	/es-mahabang yu-di/
pru	/pi-ar-yu/

3.2. Salita

Pagsulat	Pagbigkas
madayaw	/em-ey-di-ey-way-ey-dobolyu/
ingkud	/ay-endyi-key-yu-di/
sabanas	/es-ey-bi-ey-en-ey-es/
bubay	/bi-yu-bi-ey-way/

3.3. Akronim

Pagsulat	Pagbigkas
ALS (Alternative Learning System)	/kapital ey-kapital el-kapital es/
SPG (Supreme Pupils Government)	/kapital es-kapital pi-kapital dyi/
PTA (Parents-Teachers-Association)	/kapital pi-kapital ti-kapital ey/
CPP (Child Protection Policy)	/kapital si-kapital pi-kapital pi/
LGU (Local Government Unit)	/kapital el-kapital dyi-kapital yu/
SGC (School Governing Council)	/kapital es-kapital dyi-kapital si/

3.4. Abribisyon u Pinahayupù na Tiyab/Sulti

Pagsuwat	Ispeling na Patiyab
elem. (elementarya)	/i-el-i-em tulduk/
brgy. (barangay)	/bi--ar-dyi-way tulduk/
msg. (message)	/em-es-dyi tulduk/
Cong. (Congressman)	/kapital si-o-endyi tulduk/
Gov. (Governor)	/kapital dyi-o-vi tulduk/

3.5. Inisyals

3.5.1 Mga Utaw ug/hasta Butang

Pagsuwat	Ispeling na Patiyab
RRD (Rodrigo Roa Duterte)	/kapital ar-kapital ar-kapital di/
FPJ (Fernando Poe Jr)	/kapital ef-kapital pi-kapital dyey/
tv (television)	/ti-vi/
cp (cellphone)	/si-pi/
dvd (digital video disc)	/di-vi-di/

3.5.2 Institusyon/Grupo

Pagsuwat	Ispeling na Patiyab
IP (Indigenous People)	/kapital ay-kapital pi/
BSP (Boy Scouts of the Philippines)	/kapital bi-kapital es-kapital pi/
PNP (Philippine National Police)	/kapital pi-kapital en-kapital pi/
AFP (Armed Forces of the Philippines)	/kapital ey-kapital ef-kapital pi/
SDS (Schools Division Superintendent)	/kapital es-kapital di-kapital es/

3.5.3 Timaan na Pang-Science

Pagsuwat	Ispeling na Patiyab
H2O (Hydrogen Oxide)	/kapital eyts- subscrip tu-kapital o/
CO2 (Carbon Dioxide)	/kapital si-kapital o- subscrip tu/
km (kilometro)	/key-em/
ft (feet)	/ef-ti/
kg (kilogram)	/key-dyi/

3.4. Daglat

Pagsulat	Pagbigkas
elem. (elementarya)	/i-el-i-em tulduk/
brgy. (barangay)	/bi--ar-dyi-way tulduk/
msg. (message)	/em-es-dyi tulduk/
Cong. (Congressman)	/kapital si-o-endyi tulduk/
Gov. (Governor)	/kapital dyi-o-vi tulduk/

3.5. Inisyals

3.5.1 Mga Tao at Bagay

Pagsulat	Pagbigkas
PRRD (Rodrigo Roa Duterte)	/kapital ar-kapital ar-kapital di/
FPJ (Fernando Poe Jr)	/kapital ef-kapital pi-kapital dyey/
tv (television)	/ti-vi/
cp (cellphone)	/si-pi/
dvd (digital video disc)	/di-vi-di/

3.5.2 Institusyon/Pangkat

Pagsulat	Pagbigkas
IP (Indigenous People)	/kapital ay-kapital pi/
BSP (Boy Scouts of the Philippines)	/kapital bi-kapital es-kapital pi/
PNP (Philippine National Police)	/kapital pi-kapital en-kapital pi/
AFP (Armed Forces of the Philippines)	/kapital ey-kapital ef-kapital pi/
SDS (Schools Division Superintendent)	/kapital es-kapital di-kapital es/

3.5.3 Simbolo sa Agham at Matematika

Pagsulat	Pagbigkas
H ₂ O (Hydrogen Oxide)	/kapital eyts- subscrip tu-kapital o/
CO ₂ (Carbon Dioxide)	/kapital si-kapital o- subscrip tu/
km (kilometro)	/key-em/
ft (feet)	/ef-ti/
kg (kilogram)	/key-dyi/

4 | ISPELING NA PASUWAT

Sa kinatibuk-ang pagtan-aw, pagasundun sa/sang Kinamayú ang haudanan/sundanan na kung unu/unān ang pagtiyab amu isab ang pagkasuwat. Dalí da masunud ang mau/amu na haudanan/sundanan sa/sang pagsuwat sa/sang mga lumad na tiyab/sulti gamit ang mga lumad na letra. Ang kanatu paggamit ng mga binuslan na letra amuy kanatu sundugan/haudan sa/sang mga magsunud:

4.1 Paggamit ng Napulu ka Letra na Binuslan. Sa/sang Kinamayú, arunnapulu ka binuslan na letra sa/sang Ingles ug/hasta Español na Cc, Ee, Ff, Jj, Ññ, Oo, Qq, Vv, Xx, ug/hasta Zz. Gamitun ini sa/sang pagsuwat ng mga saktu na ngaran/ngān ng utaw ug/hasta lugar, mga binuslan na tiyab/sulti diri utruhun ang orihinal na pagkasuwat, ug/hasta mga ngaran/ngān na siyentipiko ug/hasta teknikal. Pananglitan:

4.1.1 Sakto na ngaran/ngān ng utaw ug/hasta lugar: Almeda, Barobo, Barrios, Betsy, Cagayan de Oro, Candelario, Carmelito, Cebu, Cubil, Eleazar, Elenita, Emelyn, Felixberto, Feliza, Ferdinand, Generoso, Homer, Libertad, Librado, Mamerta, Manuel, Milo, Naraiso, Navarro, Nuñez, Oscar, Pedrozo, Quintin, Rodulfo, Rogelio, Sereno, St. Joseph, Tejero, Urbiztondo, Viduya, Villegas, Viola, Zamboanga

4.1.2 Binuslan na tiyab/sulti: bulldozer, cauliflower, cellphone, computer, coupon, ElNiño, extra, examination, equipment, Facebook, flash drive, freezer, French fries, forecast, friend, jackstone, jalousie, La Niña, machine, Microsoft Excel, mixer, Mozilla Firefox, pizza, photocopy, prone, projector, queen, quiz, satellite disk, television, text, van, x-ray, xerox, zipper, zoo

4.1.3 Siyentipiko ug/hasta teknikal na mga pulung: acacia mangium, ad hoc, albizzia falcataria, bona fide, chlorine, de facto, de jure, Myrtaceae, oxygen, phylum Chordata, quorum, subphylum Vertebrata, valence, Xanthostemon verdugonianus, zinc

4 | PAGBAYBAY NA PASULAT

Sa pangkalahatan, sinusunod ng Kinamayú ang tuntunin na kung ano ang pagkabigkas ay siya rin ang baybay. Natural at madaling natutupad ang nasabing tuntunin sa baybay ng mga katutubong salita gámit ang mga katutubong titik. Ang paggamit naman ng mga hiram na titik ay gagabayan ng sumusunod:

4.1 Paggamit ng Sampung Hiram na Titik. Sa Kinamayú, mayroong sampung hiram na titik mula sa Ingles at Español na Cc, Ee, Ff, Jj, Ññ, Oo, Qq, Vv, Xx, at Zz. Ginagamit ang mga ito sa pagsusulat ng mga tiyak na pangalan, mga hiram na salita na hindi binabago ang orihinal na baybay, at mga katawagang siyentipiko at teknikal. Halimbawa:

4.1.1 Tiyak na pangalan ng tao at lugar: Almeda, Barobo, Barrios, Betsy, Cagayan de Oro, Can- delario, Carmelito, Cebu, Cubil, Eleazar, Elenita, Emelyn, Felixberto, Feliza, Ferdinand, Generoso, Homer, Libertad, Librado, Mamerta, Manuel, Milo, Naraiso, Navarro, Nuñez, Oscar, Pedrozo, Quin- tin, Rodulfo, Rogelio, Sereno, St. Joseph, Tejero, Urbiztondo, Viduya, Villegas, Viola, Zamboanga

4.1.2 Hiram na salita: bulldozer, cauliflower, cell phone, computer, coupon, El Niño, extra, exami- nation, equipment, Facebook, flash drive, freezer, French fries, forecast, friend, jackstone, jealousy, La Niña, machine, Microsoft Excel, mixer, Mozilla Firefox, pizza, photocopy, prone, projector, queen, quiz, satellite disk, television, text, van, x-ray, xerox, zipper, zoo

4.1.3 Katawagang siyentipiko at teknikal: acacia mangium, ad hoc, albizzia falcataria, bona fide, chlorine, de facto, de jure, Myrtaceae, oxygen, phylum Chordata, quorum, subphylum Vertebrata, valence, Xanthostemon verdugonianus, zinc

4.2 Paggamit ng Ff, Jj, Vv, Zz. Igamit ng upud na mga lumad na sinultihan/tiniyaban ang mga letra katanug na Ff, Jj, Vv, Zz. Tan-awa/tanawa ang mga pananglitan na suwat Itáwit sa/sang ubus gikan sa/sang Ortograpiya Itáwit.

Jj	badjaw ju	'bagyo' 'iyon'
Fj	sifun afutu	'sipon' 'puso ng saging'
Vv	bavi vulun	'baboy' 'sama'
Zz	kazzing zimigi	'kambing' 'kaliwa'

Ingon sa/sang pagrespeto sa/sang sini na mga lumad na tiniyaban/sinultihan, ipabilin ng Kinamayú ang pagsuwat ng niran mga tiyab/sulti ginamit ang Ff, Jj, Vv, Zz kung buslan ng Kinamayú.

4.3 Paggamit ng Ee, Oo, Eë. Igamit isab ng upud na mga lumad na sinultihan/tiniyaban sa/sang Filipinas ang mga letra patanug na Ee, Oo, at Eë. Ipabilin ng Kinamayú ang pagsuwat ng niran mga tiyab/sulti ginamit ang Ee, Oo, at Eë kun buslan ng Kinamayú. Tanawun ang mga pananglitan sa/sang ubus.

Ee	bale fefeg mesa	'bahay' 'pamaypay' 'hapag kainan'	Kapampangan Itawit Tagalog
Oo	aldo jo bago	'araw' 'heto' 'hindi lumà'	Kapampangan Itawit Tagalog
Eë	magayën panagbënga silëw	'maganda' 'panahon ng pamumulaklak' 'ilaw'	Tinagbanwa Kankanaëy Pangasinan

4.4 Pagsuwat ng Upud na Binuslan na Tiyab/Sulti

Para sa/sang upud pa na mga binuslan na tiyab/sulti, gamitun ang ispeling sa/sang Filipino sa/sang pagsuwat sini. Arun online na diksiyonaryo na magamit para sini: diksiyonaryo.ph

4.2 Paggamit ng Ff, Jj, Vv, Zz. Ginagamit ng ibang mga katutubong wika sa Filipinas ang mga titik katinig na Ff, Jj, Vv, Zz. Tingnan ang mga halimbawang sulat Itáwit sa ibaba mula sa Ortograpiya Itáwit.

Jj	badjaw ju	‘bagyo’ ‘iyon’
Fj	sifun afutu	‘sipon’ ‘puso ng saging’
Vv	bavi vulun	‘baboy’ ‘sama’
Zz	kazzing zimigi	‘kambing’ ‘kaliwa’

Bílang paggalang sa mga katutubong wika tulad nitó, pananatilihin ng Kinamayú ang napagkayarian niláng sulat gámit ang Ff, Jj, Vv, Zz, kung darating ang pagkakataong hihiram ang Kinamayú ng mga salita mula sa ibang katutubong wika ng bansa.

4.3 Paggamit ng Ee, Oo, Eë. Ginagamit din ng ibang katutubong wika sa Filipinas ang mga titik patinig na Ee, Oo, at Eë. Gagamitin din sa Kinamayú ang mga titik na ito kung manghihiram ng mga salita nilá, tulad ng mga nakasulat sa ibaba.

